Republika ng Pilipinas
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**
**Rehiyon ng Isla ng Negros**
***SANGAY NG NEGROS ORIENTAL***
Siyudad ng Dumaguete

Hulyo 31, 2017

PANDIBISYONG MEMORANDUM
Blg. 391 ,s. 2017

**PIYESA PARA SA DEKLAMASYON AT CORRIGENDUM SA PANUNTUNAN NG LIKHAWIT NA PALIGSAHAN**

PARA SA : Katuwang na Tagapamanihala ng Dibisyon
Mga Superbisor ng Programang Edukasyon
Mga Tagamasid ng Purok
Mga Punong-Guro

1. Ipinapaalam ng opisinang ito ang paggamit ng piyesa para sa Paligsahan ng Deklamasyon at Corrigendum sa mga Panuntunan ng LIKHAWIT sa mga tampok na paligsahan ng Language Arts Show.

2. Kalakip nito ang sipi ng mga panuntunan at piyesa ng deklamasyon.

3. Hinihikayat ang mga tagamasid ng purok ang agarang pagpapalaganap sa naturang usapin.

4. Malawak na desiminasyon ng memorandum na ito ay nais.

**SALUSTIANO T. JIMENEZ, CESO VI**
OIC, Tanggapan ng ARD
Tagapangasiwa ng Dibisyon

STJ/raj

31 JUL 2017

# LIKHAWIT

A. MGA KALAHOK

1. Ang paligsahang ito ay bukas para sa mag-aaral mula sa baitang 11-12.
2. Ang bawat pangkat ay binubuo ng 7 kalahok bilang kasapi ng pangkat. Nasa pangkat na kung ilan ang vocalist at instrumentalists.
3. Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay ang mag-aaral na nagwagi sa LAS ng Congressional Level.
4. Ang bawat pangkat/kalahok ay may gabay ng isang tagapayo/tagapagsanay.

B. PANUNTUNAN

1. Ang bawat pangkat ay magtatanghal ng isang awitin na sariling gawa, isang orihinal na Pilipino Music, isang awiting English na isinasalin sa Filipino.
2. Ang kabuuang oras sa pagtatanghal ay limang (5) minuto lamang.
3. Hindi dapat masagwa, bastos, magaspang, nakakasakit nang damdamin ang liriko ng awiting ginawa.
4. Ang interpretasyon ay maaaring gawin ng composer mismo o iba. Sasaliwan ito ng musika sa pamamagitan ng aktuwal na pagtutugtog ng mga instrumento.
5. May tatanghaling "Best in Composition" at Best Performance".
6. Ang disisyon ng mga hurado ay pinal at hindi magbabago.

C. PAMANTAYAN

KOMPOSISYON 50%

| | | |
|---|---|---|
| Liriko/nilalaman | - | 40% |
| Musikalidad | - | 40% |
| Dinamiko | | |
| Ritmo | | |
| Tiempo | | |
| Melodiya | | |
| Mesahe at kaangkupan sa paksa | - | 20% |
| Kabuuan | - | 100% |

PERFORMANCE 50%

| | | |
|---|---|---|
| Interpretasyon | - | 25% |
| Kalidad ng Boses | - | 25% |
| kaangkupan sa paksa | - | 20% |
| Hatid sa madla | - | 10% |
| Musikalidad | - | 20% |
| Kabuuan | - | 100% |

AKO NAMAN

Renante A. Juanillo, Ed. D.

"Anak, gising na...nakahanda na ang mga gamit mo at pagkain...bilisan mo baka malate ka sa klasi mo..."

Iyan ang nanay ko, araw-araw yon...nakakairita...subalit hinahanap-hanap ko ang mga sandaling iyon...hinahanap ko ang mga bilin niya...hinahanap ko ang mga sandaling kapiling ang NANAY. Ramdam ko na walang umaagaw sa atensyon ko mula kay nanay. Sa akin ibinuhos ang kanyang pagmamahal. Ako ata ang precious gem niya...ako ang kanilang pangarap... Ako ang biyaya nila...AKO at ako lang...

Noon yon...labing dalawang taon na ang nakalipas. Hindi ko makakalimutan, isang hapon...hinatid ako ni Champ sa bahay...

"Lida"... Tawag ng nanay..."Sino yong naghatid sa iyo?"... "Ang nanay naman., classmate ko lang po iyon"...

Ang pagkakaalam ni Nanay... classmate ko lang si Champ...pero ang hindi niya alam, matagal na kaming-kami. Kahit na bakas sa kanyang mukha ang pagdududa...hindi na si nanay nagpupumilit pang aminin ko ang katotohanan...marahil mahal niya ako...at alam kong mahal na mahal niya ako. sampung taon pa lang ako noon...

"Lida". Mahinang tawag sa akin ng nanay...hinatak ko siya palabas mula sa internet cafe na iyon. "Nay...anong ginawa mo rito??...Nakakahiya ka! Malaki na ako...at wala kang pakialam kung ano ang gagawin ko...

"Anak...bakit hindi ka pumapasok sa klasi mo?" araw-araw kang umaalis ng bahay...ngunit hindi pala sa eskwelahan ang tuloy mo...

"Anong pakialam mo... Nag eenjoy ako rito... Boring kaya sa school. At pwede ba... Umuwi ka na...nakakahiya ka sa mga kaibigan ko..."

Iniwanan ko si nanay sa labas...alam kong mabigat ang loob niya sa akin...luhaan... Napansin kong pabagsak ang kanyang mga balikat na umalis sa lugar na iyon....Hindi lamang yon ang pagkakataon na hiniya ko si nanay...pinagalitan...niloko at inuuto.

Lumipas ang mga araw... Marami pa akong kalokohan na natutuhan sa buhay...at sa mura kong edad...nasubukan kong hindi na umuwi sa bahay nang isa...dalawa...tatlo o apat na buwan...Masaya ako sa naging buhay ko kasama ang mga barkada...At ni hindi man lang sumagi sa isipan ko, kung ano ang naging kalagayan ni Nanay sa bahay...Hanggang isang araw...napansin ko...papalit-palit na pala ako ng mga barkada...palipat-lipat na rin ako ng matutulugan, at matutuluyan...Napapansin ko...nakapagtapos na ng high school ang mga dati kong barkada...

Nakita ko na lamang ang aking sarili na namamalimos sa lansangan para makakakain...palimos po...maawa po kayo sa akin...palimos po....Ang hirap nang naging buhay ko...MAHIRAP NA MAHIRAP...At doon sumagi sa isipan ko si NANAY...

Alam kong hindi niya ako pinababayaan...iginapang ako ni nanay upang maibigay ang mga kakailanganin ko...maipasok sa magarang eskwelahan at matustusan ang aking mga pangangailangan.

KAILANGAN KONG UMUWI at humingi ng tawad kay nanay dahil sa pagkasuwail ko at walang kwentang anak.

"Teka... Bakit parang walang tao sa bahay...Nay...nay... bakit wala si nanay......" Ale... alam niyo po ba kung nasaan ang nanay? Nay..sorry po...patawad po....huhuhu..

"Lida" bakit ngayon ka lang...sabi ng ale...magmula ng hindi ka umuwi...hinanap ka ng nanay mo kung saan-saan...hanggang sa nawalan na siya ng bait sa paghahanap sa'yo...

Ano? Nawawalan na ng bait ang nanay? Nasaan po siya ngayon?... "Ayon pagala-gala sa kalsada...."

"Nakita niyo ang anak ko... Nakita niyo si Lida...mahal ko ang batang iyon... Hahahahah... Anak... kahit iniwanan tayo ng tatay mo...igagapang kita...itataguyod kita....hanggang sa magiging guro ka...huhuhu....Anak...nasaan ka na?...mahal na mahal kita anak..."

"Nay, andito na po ako...nay... Sorry po sa lahat.....Nay...hayaan niyo po akong paglingkuran ka...hayaan niyo po akong alagaan ka...hayaan niyo po akong ipadama sa iyo ang nararapat sa iyo. Ngayon, AKO NAMAN ang mag-aalaga sa iyo....

Alam kong maraming nasayang na mga sandali...maraming nasayang na mga oras... at maraming nasayang na pagkakataon SUBALIT laging may pagkakataon para magbago at magsimulang muli...Dahil kay inay...naging matatag ako...dahil sa kanya...nakita ko ang bagong pag-asa. kahit na minsan akoy naging marupok...pabaya at patapon...PERO NOON YON...Ngayon... ay hindi na...Minsan na akong nadapa...minsan na akong napariwara...NGUNIT NAKITA KO NA ANG BAGONG UMAGA kasama si Inang...sabay-sabay naming harapin ang dapit hapon..na masaya at kakaiba.